CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hulyo 13, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Inihayag ng Gobernador Newsom ang mga Karagdagang Pagsasara upang Mapabagal ang Pagkalat ng COVID-19

Mga Panloob na Operasyon para sa Maraming Sektor sa Long Beach ay Naapektuhan

Long Beach, CA - Inihayag ng Gobernador Newsom at ng Estado ang mga karagdagang pagsasara ng mga panloob na operasyon sa maraming mga county, kabilang ang lahat ng mga county sa California. Ang Lungsod ng Long Beach ay maglalabas ng binagong Utos sa Kalusugan na nag-uutos ng pagsasara ng mga karagdagang panloob na operasyon na pinagsasama-sama ang mga tao mula sa iba't ibang mga sambahayan sa mga lugar kung saan ang pisikal na pagdistansya at pagsusuot ng panakip ng mukha ay mahirap na ihanay sa mga utos ng Estado.

"Ang Gobernador Newsom ay gumagawa ng mga karagdagang pagsasara sa buong estado upang protektahan ang kalusugan ng publiko, at sinusuportahan naming ang kaniyang desisyon," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Ito ay isang labis na mahirap na panahon para sa mga may-ari at manggagawa ng maliliit na negosyo, subalit ang mga pang-oospital ay patuloy na tumataas at kailangan natin na tumuon sa kapasidad ng ospital."

Ang mga karagdagang pagsasara ng mga operasyon na panloob ay nakakaapekto sa tatlumpung county na nanatili sa Listahan ng Pagsubaybay ng County sa loob ng tatlong magkakasunod na araw, kabilang ang Los Angeles, Orange, Riverside, San Bernardino at San Diego. Ang mga sumusunod na negosyo ay maaaring magsagawa ng operasyon na panlabas, alinsunod sa Utos ng Kalusugan ng Long Beach at sa

kondisyon na anumang permiso na inisyu ng Lungsod na kinakailangan para sa aktibiday ay nakuha:

- Mga serbisyo sa personal na pangangalaga, kabilang ang mga salon ng kuko, salon ng tanning, esthetician, pangangalaga sa balat at serbisyo sa cosmetology; mga propesyonal sa body art, parlor ng tattoo, microblading at permanenteng make-up at mga piercing shop; therapy ng masahe (sa setting na hindi pangangalagang pangkalusugan)
- Mga gym at sentro ng fitness
- Salon sa buhok at barbero
- Mga serbisyong panrelihiyon at seremonyas ng kultura
- Mga protesta sa politika

Ang panloob na mga shopping mall ay dapat manatiling sarado sa publiko, maliban sa mga tindahan at vendor na karaniwang naa-access mula sa labas ng pamilihan. Ang mga tindahan at vendor na matatagpuan sa loob ng isang shopping mall ay maaaring magpatakbo ng curbside, doorside, o iba pang panlabas na delivery lamang. Ang mga strip mall, outlet mall, at panlabas na mga swap meet ay maaaring magpatuloy na magpatakbo.

Ang mga negosyo na ang operasyon ay nangangailangan ng mga empleyado na magtrabaho mula sa isang lugar ng trabaho sa opisina na hindi kinilala bilang isang mahalagang negosyo, operasyon sa pangangalaga ng kalusugan o mahalagang imprastraktura ay maaaring magpatakbo sa pamamagitan ng telework at para sa minimum na mga pangunahing operasyon lamang.

Ang mga ipinag-uutos na pagsasara ay isinasagawa ngayong gabi, pagkatapos ng hatinggabi (12:01 a.m., July 14, 2020). Ang binagong Utos sa Kalusugan ng Lungsod ng Long Beach na nagdedetalye sa mga pagsasara ay ipo-post mamaya sa longbeach.gov/COVID19.

Sa ilalim ng mga patnubay ng Estado para sa proseso ng pagbubukas muli, ang Long Beach, na mayroong sariling Kagawaran ng Kalusugan, ay binibilang sa County ng Los Angeles. Gayunpaman, kahit na isinasaalang-alang ng Estado ang Long Beach nang hiwalay, ang data ng Long Beach ay nilalagay din ito sa mga ipinag-uutos na listahan ng pagsasara.

Ang Utos na ito ay nangangailangan ng patuloy na pagsasara ng mga panloob na operasyon para sa mga restawran, museo, botanikal na hardin at aquarium, pati na rin ang patuloy na pagsasara ng mga bar at mga kaparehong pasilidad na walang hawak na permiso sa restawran na inisyu ng Lungsod. Ang mga ipinag-uutos na pagsasara ay epektibo sa buong estado.

Dahil sa isang kawalan ng kakayahang magsagawa ng pisikal na pagdidistansya, ang mga hot tub, sauna, at mga steam room na matatagpuan sa mga komun na espasyo at mga tirahan na pang multi-pamilya ay kinakailangang magsara.

Ang mga kaso ng COVID-19 ngayon ay may bilang na 5,616 sa Long Beach, at 149 katao ang namatay mula sa birus. Siyamnapu't pitong residente ang na-ospital—ang pinakamataas para sa lungsod, at ang rate ng pagiging positibo ay nasa 15.1%. (Ang rate ng pagiging positibo ay ang porsyento ng mga taong nasuring positibo.)

Ang mga negosyo na may mga katanungan tungkol sa kinakailangang pagsasara ay maaaring tumawag sa info line ng negosyo sa Lungsod ng Long Beach mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes sa 562.570.4BIZ. Ang mga residente na may katanungan ay maaaring tumawag sa info line ng Lungsod mula 9 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes sa 562.570.INFO.

Ang pagkilos na ito ay ipinatupad ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod, Dra. Anissa Davis, at alinsunod sa Emerhensiyang Kapangyarihan na ibinigay sa Manager ng Lungsod sa pamamagitan ng Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya. Naging epektibo ito pagkatapos ng hatinggabi (12:01 a.m.) sa Hulyo 14, 2020, at magpapatuloy hanggang sa mapalawak, kanselahin, o baguhin sa sulat ng Opisyal ng Kalusugan.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###